

**Pinagtibay sa 40th AMAF Meeting
Noong Ika-11 ng Oktubre Taong 2018
Sa Lugar ng Ha Noi, Viet Nam**

GABAY NG AMAF SA PAGSULONG NG PAGKAKAPANTAY-PANTAY NG MGA KASARIAN SA SEKTOR NG PAGKAIN, AGRIKULTURA AT PANGKAGUBATAN

**INIHANDA NG ASEAN TECHNICAL WORKING GROUP ON AGRICULTURE
AT RESEARCH DEVELOPMENT (ATWGARD)**

TAONG 2018

Translated from the AMAF's Approach to Gender

Mainstreaming in the Food, Agriculture and Forestry Sectors

Disclaimer: This is an unofficial translation and provided for reference only.

AMAF's Approach to Gender Mainstreaming in the Food, Agriculture and Forestry Sectors, 2018.

To find the original version of the guideline please visit the ASEAN Secretariat website, <https://asean.org/> or download at <https://asean-crn.org/relevant-asean-guidelines-on-land-use/>.

The translation has been produced with the support of the Climate Smart Land Use in ASEAN (CSLU) project, funded by the German Ministry for Economic Cooperation and Development and implemented by the Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ).



implemented by:



In cooperation with



Ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ay itinatag noong 8 Agosto 1967. Ang mga Miyembro na Estado ng Asosasyon ay Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, Philippines, Singapore, Thailand and Viet Nam. Ang Sekretarya ng ASEAN ay naka-base sa Jakarta, Indonesia.

Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan sa:

ASEAN Secretariat

Community Relations Division 70A Jalan Sisingamangaraja

Jakarta 12110

Indonesia

Telepono : (62 21) 724-3372, 726-2991 Fax : (62 21) 739-8234, 724-3504 E-mail :
public.div@asean.org

Ang pangkalahatang impormasyon sa ASEAN ay makikita online sa Website ng ASEAN:
www.asean.org Catalogue-in-Publication Data

Gabay ng AMAF sa Pagsulong ng Pagkakapantay-Pantay ng mga Kasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan, Jakarta: ASEAN Secretariat, 2018.

LISTAHAN NG MGA AKRONIM

| | |
|---------|---|
| ACW | ASEAN Committee on Women |
| AMAF | ASEAN Ministers Meeting on Agriculture and Forestry AMS ASEAN Member States |
| ASCC | ASEAN Socio-Cultural Community |
| ASEAN | The Association of Southeast Asian Nations |
| ASOF | ASEAN Senior Officials on Forestry |
| ASWGL | ASEAN Sectoral Working Group on Livestock |
| ASWGC | ASEAN Sectoral Working Group on Crops |
| ASWGF | ASEAN Sectoral Working Group on Fisheries |
| ATWGARD | Agricultural Research and Development |
| AWGCC | ASEAN Working Group on Climate Change |
| COP | Conference of the Parties |
| CSA | Climate Smart Agriculture |
| FAO | The Food and Agriculture Organization of the United Nations |
| FES | Friedrich-Ebert Stiftung |
| FCPF | Forest Carbon Partnership Facility |
| GSVC | Gender-Sensitive Value Chain |
| HPA | Hanoi Plan of Action |
| IDS | Institute of Development Studies |

| | |
|--------|---|
| NTF | Non-Timber Forest Product |
| R-PP | Readiness Preparation Proposal |
| SPA | Strategic Plan of Action |
| SSF | Sustainable Small-Scale Fisheries |
| UN | United Nations |
| UNFCCC | UN Framework Convention on Climate Change |
| UNDRIP | UN Declaration on the Rights of Indigenous People |
| VAP | Vientiane Action Programme |
| WTO | World Trade Organization |

PAUNANG SALITA

Ang *Gabay ng AMAF sa Pagsulong ng Pagkakapantay-Pantay ng mga Kasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan* ay natapos ng pangkat ng ASEAN Technical Working Group on Agricultural Research and Development (ATWGARD), na may suporta mula sa ASEAN Working Groups on Livestock, Crops and Fisheries at ASEAN Senior Officials on Forestry (ASOF) at sa ASEAN Committee on Women (ACW).

Ang *Gabay ng AMAF sa Pagsulong ng Pagkakapantay-Pantay ng mga Kasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan* ay tumutukoy sa mga pampublikong hakbangin na naglalapat ng isang pananaw sa kasarian na humahantong at nakakaapekto sa pag-uugali ng iba't ibang mga stakeholder (bukod mga tagagawa, magsasaka at regulator). Saklaw ng patakaran sa kasarian ang mga pangunahing elemento upang maisama at palakasin ang mga manggagawang kababaihan sa mga patakaran at programa sa sektor ng pagkain, agrikultura at kagubatan sa mga bansang sakop ng ASEAN.

Kinikilala ng ASEAN ang hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga sektor ng pagkain, agrikultura at kagubatan. Kinikilala rin nito ang mga makabuluhang pagbabago ng maaaring dalhin ng mga pampublikong patakaran na sumusulong sa karapatan ng lahat ng kasarian. Layunin ng AMAF na magtakda ng mga rekomendasyon na magsisilbing gabay para sa AMS sa kanilang pagsisikap na itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga sektor ng pagkain, agrikultura at kagubatan. Ang gabay na ito ay hindi opisyal na opinyon o pahayag tungkol sa kasarian. Sa halip, ito ay binuo upang madagdagan ang kamalayan ng mga AMS sa kahalagahan ng mga patakarang pangkasarian sa sektor ng pagkain, agrikultura at kagubatan, na may layuning mapasigla ang pagpapaunlad ng mga mahuhusay na kasanayan at kooperasyon sa mga miyembro ng ASEAN.

Isang pampublikong dokumento ang *Gabay ng AMAF sa Pagsulong ng Pagkakapantay-Pantay ng mga Kasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan*. Babalik-balikan ito ng ATWGARD at sisiguraduhing ipapakita nito ang anumang mga pagbabago at pag-unlad sa ASEAN, at mga pinakamahusay na kasanayan sa internasyonal/panrehiyon.

Gabay ng AMAF sa Pagsulong ng Pagkakapantay-Pantay ng mga Kasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan ay pinagtibay ng mga Ministro ng ASEAN on Agriculture and Forestry (AMAF) sa ika-apat na pung pagpupulong ng AMAF taong 2018 sa lungsod Ha Noi, Viet Nam.

MGA NILALAMAN

| | |
|---|----|
| LISTAHAN NG MGA AKRONIM | 4 |
| PAUNANG SALITA | 6 |
| 1. PANIMULA | 9 |
| 1.1 Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa ASEAN | 9 |
| 1.2 Papel ng mga Kababaihan sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Panggugubat sa ASEAN..... | 10 |
| 2. LAYUNIN | 10 |
| 3. GABAY NG AMAF SA PAGSULONG NG PANTAY NA PAGTURING SA LAHAT NG PANGKASARIAN | 11 |
| 3.1 Pahayag Pampolisiya ng AMAF | 11 |
| 3.2 Kooperasyon ng ASEAN sa Pagkain, Agrikultura at Panggugubat..... | 12 |
| 3.2.1 Paghahayupan..... | 12 |
| 3.2.2 Pagaani | 15 |
| 3.2.3 Pangingisda at Akwakultura | 16 |
| 3.2.4 Pangkagubatan | 17 |
| 3.2.5 Pagbabago ng Klima | 19 |
| 3.2.6 Seguridad sa Pagkain at Nutrisyon | 21 |
| 3.2.7 Pagturing sa Kasarian sa Magkaikibat ng Pangkalinangan sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan..... | 22 |
| 4. MGA Estratehiyang Panrehiyon at Planong Aksyon | 24 |
| 4.1 Karapatang Pangkasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Panggugubat | 24 |
| 4.2 Balangkas ng Isang Estratehiya para sa Pagsulong ng Karapatang Pangkasarian sa mga Sektor ng Pagkain, Agrikultura, at Pangkagubatan | 24 |
| 4.2.1 Diskarte at Adbokasiya..... | 25 |
| 4.2.2 Pagpapalakas ng Kapasidad | 25 |
| 4.2.3 Balangkas Panginstitusyon..... | 26 |
| 4.2.4 Pagbuo at Pagpapalakas ng Estratehiya sa Pakikipagsosyo..... | 26 |
| 4.2.5 Impormasyon, Komunikasyon at Publisidad | 27 |
| 4.2.6 Pananaliksik, Reporma at teknolohiya..... | 27 |
| 5. PROSESO NG PAGPAPATUPAD | 28 |
| PINAGSANGGUNIAN | 29 |
| ANNEX 1: Mga Rekomendasyon para sa Bawat Sektor ng SPA..... | 30 |
| SPA para sa Pakikipagtulungan ng ASEAN sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura, and Pangkagubatan (2016-2025) | 30 |

SPA para sa Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Pagsasaka at Pag-unlad ng Agrikultura (2016-2020)32

SPA sa Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Paghahayupan (2016-2020)33

SPA sa Pakikipagtulungan Sa ASEAN Sa Pagtatanim (2016-2020).....34

SPA sa Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Pangisdaan (2016-2020).....35

SPA para sa Pagtutulungan ng ASEAN sa Pangkagubatan (2016-2025)37

Balangkas at SPA ng AIFS para sa Seguridad sa Pagkain sa ASEAN (2015-2020)...39

1. PANIMULA

1.1 Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa ASEAN

Sa konteksto ng mga bansa sa rehiyon ng ASEAN, malalim ang ugat ang hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian. May malaking epekto ito sa napakaraming aspeto ng buhay na humahadlang sa pag-unlad ng tao at nagpapalala ng hidwaan at nagpapahina ng lipunan. Makikita ito kalagayan ng maraming kababaihan, tulad halimbawa ng hindi pantay na benepisyong sa mga pangunahing pasilidad, sa pagmamay-ari, at sa sambahayan. Alinsunod sa kahulugan ng pagkakapantay-pantay ng kasarian na tinutukoy bilang "pantay na mga karapatan, responsibilidad, at mga pagkakataon ng mga kababaihan, kalalakihan, at mga batang babae at lalaki" (UN, 2001), ang mga pamahalaan ng mga bansang kasapi ng ASEAN ay sama-samang nagsusumikap isulong ang mga reporma upang baguhin ang hindi pantay na pagturing sa ilang kasarian. Kasama sa repormang ito ang pagtatayo ng mga tanggapan sa gobyerno bilang pangunahing mekanismo sa pagsusulong ng katayuan ng kababaihan at pagkakapantay-pantay ng lahat ng kasarian.

Sa Ika-tatlongput-isang ASEAN Summit sa Pilipinas, pinagtibay ng mga Pinuno ng Estado ng Pamahalaan ng ASEAN ang "ASEAN Declaration on the Gender-Responsive Implementation". Idineklara nila ang kanilang pangakong maisasakatuparan ang isang ASEAN na kumikilala sa potensyal ng mga kababaihan at batang babae.

Ang deklarasyong ito ay nagbunga ng pagsasama ng mga bansa sa ASEAN na may higit na 600 milyong tao na siyang kumakatawan sa malawak na mga oportunidad pangekonomiya. Dapat palakasin ng gobyerno ng ASEAN ang mga kakayahan ng kababaihan at suportahan ang kanilang kontribusyon tungo sa pormal na larangan ng ekonomiya. Kung mapagtagumpayan ito, mababawasan ang hindi balanseng pagturing sa mga babae at mabibigyan sila ng pantay na oportunidad, pasilidad at benepisyong na kadalasan ay naibibigay sa mga kalalakihan.

Ang "Projected Gender Impact of the ASEAN Economic Community" ay isang pag-aaral na kamakailan ay isinagawa ng UN Women Regional Office for Asia and the Pacific and the Friedrich-Ebert-Stiftung (FES), kasama ng ASEAN Secretariat na may sa pagsuporta ng gobyerno ng Australia. Iminungkahi nito na ang kawalan ng mga polisiya, programa, at solusyon ay magdudulot ng pagbubukod sa malawak ng sektor ng mga kababaihan na maranasan ang benepisyong direktang dulot ng pagpapalakas ng kalakalan, pamumuhunan at paggawa. Ipinapakita rin ng pagaaral na ang mga hakbang sa pagpapalawak ng ekonomiya ay hindi nangangahulugan na pantay ang distribusyon ng yaman at pagunlad, at ito ay dahil sa di pagkakapantay-pantay ng mga tao base sa kanilang kasarian, etnisidad, kita, at pinagmulan.

1.2 Papel ng mga Kababaihan sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Panggugubat sa ASEAN

Ang agrikultura ay isang pangunahing sektor ng pag-eksport sa anim ng sampung miyembro ng ASEAN. Ang mga bansang ito ay Cambodia, Lao PDR, Myanmar, Thailand, Indonesia, and Viet Nam. Habang ang mga pangunahing bansang nangingibabaw sa agrikultura ay nasa iba't ibang yugto ng pag-unlad na sosyo-ekonomiko, may mga pagkakapareho sa mga hadlang na kinakaharap ng mga kababaihan pagdating sa mga sektor ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan. Halos 75 porsyento ng mga kababaihan sa Cambodia ang nakikibahagi sa agrikultura, 69 porsyento ng mga kababaihan ay mga manggagawa sa agrikultura sa Myanmar, sinundan ng 48 porsyento sa Vietnam, at 51 porsyento sa Lao PDR.

Sa kabila ng lumalagong industriyalisasyon, ang mga subsektor ng produktong agro tulad ng pag-aalaga ng hayop at panggugubat ay kadalasan ang mga kababaihan ang kinukuhang manggagawa. Bagama't lumalahok ang mga kababaihan sa magkaikibat na pangkalinangan, hindi nila naabot ang antas ng pag-aangkat.

Ang mga sektor ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan ay may mahinang laban sa pagbabago ng klima. Kung titingnan sa pananaw ng kasarian, ang mga kababaihan at kabataan ay may mas mahinang panlaban sa panganib sa dala pagbabago ng klima. Nahaharap ang mga kababaihang magsasaka sa maraming hamon na maglilipat sa kanilang mababang antas ng pamumuhay tungo sa pag-aangkat sa merkado ng ASEAN. Ang antas ng kahirapan sa bukid ay napakataas at ang mga kababaihan ang gumagawa ng buod ng mga pisikal na trabaho, mula sa loob ng kanilang mga tahanan hanggang sa bukid.

Sa kabila ng makabuluhang partisipasyon ng mga kababaihan sa agrikultura, ang pagmamay-ari ng lupa, pagkakaroon ng titulo at ari-arian ay nananatiling higit sa mga kalalakihan. Hirap makakuha ng lugar ang mga kababaihan sa merkado at sila'y nakasandal sa mga tagapamagitan na kumontrol ng merkado. Dahil dito, lubhang nahihirapan ang mga kababaihan na makabenta sa patas ng presyo at makapag negosyo sa labas ng kanilang komunidad. Bukod dito, hirap rin ang mga kababaihan at kabataan sa ASEAN na makakuha ng sapat at makatarungan utang upang paunlarin ang kanilang bukid dahil sa kakulangan ng edukasyon at ari-ariang maaaring magsilbing kolateral.

2. LAYUNIN

Ang *Gabay ng AMAF sa Pagsulong ng Pagkakapantay-Pantay ng mga Kasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan* ay binuo upang matulungan ang mga bansang miyembro ng ASEAN na:

- Magbigay ng patnubay sa pag-unawa at pagpapasok ng mga patakaran at programa na tumutugon sa kasarian sa antas ng rehiyon.

- Itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pagkain, agrikultura at mga patakaran sa kagubatan, programa, sistema at istruktura sa rehiyon at sa mga kani-kaniyang bansa.
- Palakasin mga gumagawa ng patakaran, manggagawa sa bukid at magsasaka sa pamamagitan ng mga angkop na diskarte sa pagkakapantay-pantay ng kasarian sa agrikultura at pagbabago ng klima
- Itaguyod ang mga pagsasaliksik na tumutukoy sa kasarian at sumusuporta sa mga teknolohiyang pang agrikultura na tumataguyod sa pagprotekta ng klima.

Ang *Gabay ng AMAF sa Pagsulong ng Pagkakapantay-Pantay ng mga Kasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan*, ay hindi isang legal na dokumento na may pwersa ng batas. Ito’y sinadya upang mapadali ang proseso ng pagbuo ng isang malakas na kooperasyon ng kasarian at pagsasama sa rehiyon. Sa halip, nagsisilbing itong sanggunian ng mga susunod na mga kooperasyon na patuloy na magsusulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa sektor ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan sa ASEAN. Isinasaalang-alang ng *Gabay ng AMAF* ang mga panrehiyon at pambansang konteksto at kasalukuyang sitwasyon.

3. GABAY NG AMAF SA PAGSULONG NG PANTAY NA PAGTURING SA LAHAT NG PANGKASARIAN

3.1 Pahayag Pampolisiya ng AMAF

Kinikilala ng AMAF na ang pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagbibigay-kapangyarihan ng lahat ng mga bata at kababaihan ay kalakip ng 2030 Agenda for Sustainable Development. Kinikilala rin nito ang pagkakapantay-pantay ng kasarian bilang pangunahing pagsasakatuparan ng pagpapanatili ng pag-unlad. Kaya’t muling pinagtibay ng AMAF ang pagpapanguna ng mga pananaw at pagsusuri tungkol sa kasarian. Kabilang dito ng mga planong aksyon at paglagok ng pondo para sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga patakaran, plano, at programa sa sektor ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan sa ASEAN. Nakaayon ang mga ito sa mga inilatag sa *ASEAN Declaration on the Gender-Responsive Implementation of the ASEAN Community Vision 2025*.

Hinimok ng AMAF ang pamumuhunan upang mawala ang malaking agwat sa kita ng bawat kasarian at mapalakas ang lahat ng kababaihan at kabataan.

Sumang-ayon ang AMAF na itaguyod ang pantay na pagbibigay-benepisyong sa mga kababaihan at palawigin ang kanilang paglahok pagdedesisyon ukol sa mga mekanismong magpapatupad ng lahat ng mga layunin at layunin ng *2030 Agenda for Sustainable Development and Strategic Plan for ASEAN Cooperation in Food, Agriculture and Forestry (2016-2025)*, sampu ng mga patakaran, plano at pagbabalangkas ng programa, pagpapatupad, at pagsubaybay at pagsusuri para sa mga sub-sektor ng hayop, pananim, pangisdaan at pangkagubatan.

Mariing hinihikayat ng AMAF ang mga partikular ng sektor ng ASEAN na itaguyod ang pagpapatupad ng *Gabay ng AMAF* na may kaugnayan sa sektor ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan.

3.2 Kooperasyon ng ASEAN sa Pagkain, Agrikultura at Panggugubat

Ang mga sumusunod ang pangkalahatang mga isyu sa kasarian na dapat isaalang-alang sa sektor ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan:

- Tiyaking pantay ang pakikilahok ng mga kababaihan at kalalakihan sa lahat ng talakayan sa patakaran, mga aktibidad sa pagbuo ng kakayahan, at pakikilahok sa lahat ng mga pambansa at panrehiyon na aktibidad.
- Tiyakin ang koleksyon ng datos sa disenyo, pagpapatupad, pagsubaybay at pagsusuri ng lahat ng mga proyekto o aktibidad.
- Lumikha ng mga oportunidad para sa mga kababaihan na makakuha ang iba't ibang mga serbisyong pampinansyal tulad ng pautang, pag iimpok, pagpapadala ng pera at insyurans upang mabigyan sila ng mga pagkakataon na palawigin ang mga inisyatibo sa mga sektor ng pagkain, agrikultura at kagubatan.
- Hikayatin at pabilisin ang pagbibigay sa mga kababaihan ng edukasyon, pati na rin ang kanilang pakikilahok sa mga programang maghahasa ng kanilang abilidad sa pangangalakal.
- Magbigay ng mga pagkakataon sa mga kababaihan na maturuan at masanay sa larangan ng pamumuno.
- Tiyaking pantay ang pakikilahok ng mga kababaihan at kalalakihan sa lahat ng proseso ng paggawa ng desisyon.
- Pakikipag-ugnayan sa iba pang mga sangay ng ASEAN upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga kasarian.

3.2.1 Paghahayupan

Mahalaga ang kontribusyon ng sub sektor ng paghahayupan sa pambansang produkto, trabaho at seguridad ng pagkain sa rehiyon ng ASEAN, ngunit ang pagbibigay halaga dito ay may pagkakaiba-iba sa mga bansang miyembro ng ASEAN. Ang *ASEAN Working Group on Livestock (ASWGL)* ay nabuo sa ilalim ng *ASEAN Cooperation in Food, Agriculture and Forestry*, na may layong magbigay ng isang mekanismo upang mapaunlad ang mga pamantayan sa ASEAN tungkol sa paghahayupan, bakuna para sa hayop, mga magandang gawain sa pag-aalaga ng hayop at iba pang kaugnay na mga aktibidad sa sub-sektor na ito. Sa rehiyon ng ASEAN, manok at baboy ang pangunahing mga produktong hayupan. Bagama't mabilis ang paglago ng produksyon, sa kabuuan, nag-aangkat pa rin ang rehiyon ng mga produktong karne at gatas. Tanging ang Thailand lang ang nagbebenta ng karneng manok sa labas. Sa kaso ng karneng baboy, ang pag-angkat nito ay bumubuo lamang ng maliit na bahagi (5%); gayunpaman, pagtaas ng maliit na bahaging ito sa kabuuang ng pagkonsumo. Ang pagpapalawak ng industriya ng paghahayupan ay nagdudulot rin ng mas mataas na pag-angkat ng pagkaing hayop. Bumababa ang bahagi ng agrikultura sa pambansang produksyon sa mas advanced na AMS, habang tumataas naman ang bahagi ng paghahayupan. Ang masinsing at mas malaking antas ng produksyon at pagproseso ay umuusbong sa mga mas maunlad na estado, marami pa rin ang mga maliit na paghahayupan sa mga di gaanong maunlad na AMS, kung

saan sila ay pangunahing papel sa paglutas sa kahirapan, seguridad sa pagkain at nutrisyon at pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Ang mga maliliit na paghahayupan ay may tinatayang humigit-kumulang sa 50-85 na porsyento ng kabuuang produksyon ng mga hayop sa AMS. Ang porsyento ay nag-iiba-iba sa mga bansa sa ASEAN sa maraming mga kadahilanan. Karamihan sa mga maliliit na paghahayupan, nakatuon ang kanilang pansin sa kaunting bahagi ng merkado na nakadepende sa mga maliliit na paggawa at pinagkukunan ng pakain. Madalas, ang mga sistemang ito'y may mahinang produksyon. Malaking papel ang ginagampanan ng mga kababaihan pagdating sa papakain, paglilinis, at pangangasiwa ng paghahayupan, lalo't pagdating sa pagpapalaki ng baboy, manok, at baka, bukod pa dito ang mga pang-araw-araw na gawain sa bahay. Di tulad sa ibang mga rehiyon, ang mga kababaihan sa Timog-Silangang Asya ay madalas kalahok sa pagbebenta ng mga produktong galing sa paghahayupan, lalo't ang karne. Ang mga kalalakihan ay madalas bumibili ng mga gamit para sa pagsasaka, pagbebenta, at pangangasiwa ng mga malalaking hayop tulad ng baka at kalabaw. Ang papel ng mga kalalakihan ay lumalawig bahang lumalaki ang sakop ng kanilang pagsasaka at paghahayupan.

Ang mga isyu sa kasarian na nauugnay sa paghahayupan sa buong ASEAN ay halos magkakatulad. May ilang pagkakaiba-iba depende sa kultura at tradisyon. Narito ang ilan sa mga pangunahing hadlang na kinakaharap ng mga kababaihan sa produksyon ng hayop at sistema ng merkado:

- Limitadong pagkuha sa mga serbisyo, kredito, teknolohiya, pagsasanay at impormasyon.
- Kakulangan ng kontrol sa pagpapasya sa pamilya, pamayanan, at mga lokal na institusyon.
- Limitadong kontrol sa kita at ari-arian at madalas na pagkawala ng karamihan ng kita sa mga kalalaking hindi namumuhunan.
- Kahirapang makakuha ng kontrol at pagmamay-ari sa lupa at ibang pang-yamang kalikasan.
- Kahirapang makabenta ng direkta sa merkado.
- Pagkakasakit dala ng paghawak ng mga produktong hayop na hilaw.

Habang ang mga kababaihan ay kabahagi sa pag-aalaga ng hayop, ang mga kalalakihan ang karaniwang inaanyayahan na dumalo sa mga pagsasanay, makipag-usap sa mga manggagawa sa pagpapalawak o gumagawa ng desisyon. Sa proseso, mga kalalakihan ang nakakakuha ng kaalaman at kasanayan na karaniwang hindi ibinabahagi sa mga kababaihan. Nagresulta ito sa hindi magandang paglipat ng kaalaman at teknolohiya. Dahil mababa ang representasyon ng mga kababaihan sa mga lokal na institusyong panlipunan at mekanismo ng paghahatid ng serbisyo ng pamahalaan at mga ahensyang pribado, nagiging mahirap sa kanila ang makakuha ng kaalaman at mga serbisyo. Dahil sa kaunti o walang lupang pagmamay-ari ang mga kababaihan, mahirap para sa kanila na makakuha ng kredito, na siyang kailangan upang paunlarin ang kanilang aktibidad. Lumalabas na ang mga kababaihan sa Timog-Silangang Asya ay may iba't-ibang antas ng kakayahan sa pangangalakal sa merkado at ito ay depende sa lokasyon, tradisyon at kultura. Gayunpaman, ang mga kababaihan sa kanayunan ay nahaharap sa isang bilang ng mga hadlang dahil sa

kanilang mas mababang antas ng edukasyon at kakayahan; hindi rin sila basta-basta makakalipat ng lugar (bunsod ng mga kaugaliang na pumipigil sa kanila na iwanan ang bahay, o kaya nama'y hindi marunong magmaneho). Kailangan itong tugunan upang mapahusay ang kanilang kapangyarihang makapangalakal sa merkado.

May higit na kontrol ang mga lalaki sa kita at mga ari-arian mula sa paghahayupan kaysa sa mga babae, at binabawasan nito ng mga oportunidad para sa mga kababaihan na makamit ang kalayaang pinansyal sa loob ng kanilang tahanan. Minsan pa, ang kitang mula sa paghahayupan ay maling ginagamit ng mga kalalakihan, at hindi napapakinabangan ng pamilya. Kailangan ding palakasin ang boses ng mga kababaihan sa pagdedesiyon, hindi lamang sa bahay kundi pati na rin sa komunidad. Maghihikayat ito ng kaaya-ayang kapaligiran para sa mga kababaihan na magkaroon ng pantay na pagpipili kasama ang mga kalalakihan. Ang mga kababaihan ay malimit na nanganganib sa mga karamdaman (tulad ng brucellosis at tuberculosis) dahil sa pag-aalaga sa mga hayop na ginagawa nila sa mga lugar ng hindi ligtas o di naaayon sa tamang paraan na paghawak o paghahanda ng mga produktong hayop na hilaw.

Ayon sa FAO, mayroong pitong kategorya ng mga pangunahing hamon na kinakaharap ang mga maliliit na magsasaka at lalo ng mga kababaihang magsasaka. Ito ay ang pagkuha at pagkontrol sa mga likas na mapagkukunan; pamamahagi ng mga tungkulin at responsibilidad batay sa kasarian at edad; paggamit sa teknolohiya, pagsasanay at serbisyo; pagakseso sa mga serbisyong pampinansyal; pagakseso sa merkado; kapangyarihang makapag-desisyon; kalusugan at kaligtasan sa pagtatrabaho (FAO 2013)

Ang pagkakapantay-pantay ng kasarian ay ang ika-apat na estratehiya na nakapaloob sa SPA ng Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Paghahayupan (2016-2020). Ang mga sumusunod na isyu sa kasarian ay dapat isaalang-alang alinsunod sa pitong kategorya ng mga hamon ng FAO sa pagbubuo ng mga patakaran o programa:

- Palakasin ang mga pang teknikal na bailidad ng kababaihan sa pamamagitan ng sistematikong pagsasama sa kanila sa mga pagsasanay sa pag-aalaga, pagproseso at pagbebenta ng mga produktong hayop, at tiyakin na ang mga sesyon ay ibibigay din sa kanayunan at maliliit na pamayanan.
- Magbigay ng pagkakataon para sa mga kababaihan na makakuha ng iba't ibang mga serbisyong pampinansyal tulad ng pautang, pagiimpok, pagpapadala ng pera, at seguridad upang mabigyan sila ng mga pagkakataong mapataas ang kanilang produksyon.
- Hikayatin at padaliin ang pagkuha ng mga kababaihan ng edukasyon, pati na rin ang kanilang pakikilahok sa mga pagsasanay sa pangangalakal o pagnenegosyo.
- Magbigay ng pagsasanay sa pamumuno upang mapalakas ang tinig ng kababaihan at pamumuno sa loob ng mga kooperatiba ng mga magsasaka at mga organisasyon ng mga prodyuser.
- Kilalanin papel ng kasarian sa pagkakaroon ng mga sakit sa kalusugan at panganib sa trabaho tulad ng pagkakalantad sa mga zoonotic disease, Highly

Pathogenic Avian Influenza (HPAI) at iba na nauugnay sa paghawak ng mga hilaw na karne at mga produktong gatas.

3.2.2 Pagaani

Ang *ASEAN Sectoral Working Group on Crops (ASWGC)* ay isa sa mga subsidiaryong kumakatawan sa ilalim ng SOM-AMAF na nangangasiwa sa *ASEAN Cooperation on Crop Sub-Sector*. Alinsunod sa layuning itaguyod ang pag-unlad sa sub-sektor na ito, ang ASWGC ay nagsagawa ng mga aktibidad at proyekto, na nakasaad sa SPA sa Pakikipagtulungan Sa ASEAN Sa Pagaani (2016-2020). Mga ilang gawain o proyekto ang matagumpay na naipatulad at marami ang nagpapatuloy sa pamamagitan ng pagbubuklod-buklod at pag-uusap ng mga kasama sa pagunlad. Saklaw ng ASWGC ang: i) magbalangkas ng patakaran, ii) pagkalakal ng pananim sa loob at labas ng kalakal ng ASEAN, iii) pagkontrol sa peste at sakit, iv) pagbuo at pagtaguyod ng mga pamantayan pag-unlad, v) proteksyon sa kapaligiran sa pagtanim, at vi) seguridad sa pagkain, kaligtasan ng pagkain at nutrisyon.

Ang patuloy na paglago ng papel ng kababaihan sa sistema ng pagkain at pag-aani ay nagbibigay sa kanila ng posisyon upang maging isang mahalagang manlalaro at kasosyo. Sa ASEAN, ang mga kababaihan ay binubuo ng higit sa 50% ng lakas-paggawa sa agrikultura. Ang mga kababaihan at kalalaking magsasaka ay may magkakaibang tungkulin kaugnay sa pagtanim. Dahil sa patuloy na pagbabago ng kondisyon ng ekonomiya, maaaring magbago ginagampanan ng bawat kasarian sa paggawa. Ang mga magsasakang kababaihan at kalalaking ay may magkakaibang pamantayan sa pagpili ng mga pananim, pagpili ng binhi, pagbubungkal, pag-aani at pagproseso. Ang mga pamantayang ito ay maaaring batay sa pagkakaiba-iba ng lasa, pag-iimbak, oras na kinakailangan para sa paghahanda ng pagkain, mga kinakailangan sa paggawa at kakayahang mamalengke. Kadalasan ang mga kababaihan ay kulang sa ligtas na panunungkulan at mga karapatan sa lupa, pananalapi, impormasyon, serbisyo, at teknolohiya. Kapag naisara ang agwat ng kasarian, mabubuksan ang potensyal ng pagiging produktibo ng agrikultura ng mga kababaihan, at nakakaragdag ito sa pambansang pagaani. Ang pagaani ng mga lalaki at babaeng magsasaka ay may tanyag na diperensya na 20-30 porsyento ayon sa mga pag-aaral, at ito ay dahil sa mahinang ipinapasok ng mga kababaihan sa pagaani. Ayon sa pagsusuri ng FAO, kung mas maraming kababaihan ang makakakuha ng pataba, binhi, at kagamitan sa agrikultura, tinatayang itataas nito ang agrikultura sa isang umuunlad na lamang na bansa ng 2.5 hanggang 4 na porsyento, at mababawasan nito ang bilang ng mga nagugutom na tao mula 100 milyon hanggang 150 milyon (FAO, 2011).

Ang mga sumusunod na isyu sa kasarian ay dapat isaalang-alang kapag nagpapatulad ng mga proyekto o aktibidad sa ilalim ng SPA sa Pakikipagtulungan sa ASEAN Sa Pagaani (2016-2020):

- Magsagawa ng pagsusuri sa kasarian sa loob ng lahat ng mga proyekto, programa, at patakaran upang masuri ang mga implikasyon at benepisyo ng mga teknolohiya at kasanayan sa *Climate-Smart Agriculture (CSA)*.
- Magbigay ng tiyak na suporta sa mga SMEs na pinamunuan ng kababaihan at mga kooperatiba upang mapagbuti ang produksyon, teknolohiya, at

kalidad ng produkto, at upang matugunan ang mga pamantayan sa pandaigdigang merkado, at dagdagan ang kompetisyon.

- Magbigay ng pagsasanay sa kababaihan at kalalakihan sa mga teknolohiya at kasanayan sa CSA, at kamalayan sa kasarian.
- Mapadali ang pagkuha ng kababaihan sa lupa at kredito sa pamamagitan ng pagbabago ng mga batas at lokal na kasanayan.
- Itaas ang kakayahan ng mga kababaihan at kalalakihan na kasapi ng mga samahan ng magsasaka at mga institusyong kababaihan at kalalakihang magsasaka upang makisali sa pribadong sektor.

3.2.3 Pangingsda at Akwakultura

Ang sektor ng pangingsda ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng mga Miyembro ng ASEAN. Anim na Bansa ASEAN--Indonesia, Myanmar, Pilipinas, Vietnam, Thailand at Malaysia--ay kabilang sa mga nangunguna pag eksport ng isda sa mundo, habang ang apat na bansa naman ang Indonesia, Pilipinas, Malaysia at Vietnam ay kabilang sa mga nangungunang mga bansa sa pag eksport ng damong-dagat. Tinatayang may 60 milyong katao ang nagtatrabaho sa mga serbisyong kaugnay sa pangisdaan tulad ng paggawa ng bangka, paggawa ng gamit sa pangingsda, pagproseso ng isda at pagmemerkado. Ang pagkonsumo ng isda per capita ay nasa 33.4 kg kada taon sa rehiyon ng ASEAN; ito ay mas mataas kaysa sa konsumo ng mundo (19.2 kg/yr) at halos 38% ng protina ng hayop na natupok sa rehiyon ay nagmumula sa mga isda. Binibigyang diin nito ang kahalagahan ng mga pangisdaan sa nutrisyon at seguridad ng pagkain sa rehiyon. Tungkulin ng *ASEAN Sectoral Working Group on Fisheries (ASWGF)* na pangasiwaan ang pagkakakilanlan, pagbubuo, pagsubaybay, at pag-uulat ng kooperasyon ng pangisdaan sa pagitan ng AMS.

Kinikilala ng *Sustainable Small-Scale Fisheries (SSF) Guidelines* ang mga isyung kasarian. Kabilang ito isa 13 mga prinsipyo sa paggabay at isinasaalang-alang din ito sa mas detalyadong seksyon tungkol sa mga responsableng pangisdaan at pangmatagalang pag-unlad (FAO, 2015). Ang gabay ng SSF ay kumikilala ng sa mga kababaihan at kalalakihan sa pangisdaan na madalas ay nabibigyan ng magkakaibang halaga sa ng kultura at ekonomiya. Ang gawain ng kababaihan ay madalas na hindi nabibilang at naisasaalang-alang sa pamamahala ng mga pangisdaan, sa kabila ng mahalagang papel nito. Kinikilala rin nito ang sentralidad ng kasarian sa iba pang mga sala-salabat na isyu, partikular na ang mga karapatang pantao at kagalingan, seguridad ng pagkain, at pagbabago ng klima. Binibigyang diin din nito kung paano umiiral ang mga pagkakaiba-iba ng kasarian sa kapangyarihan at paggawa ng desisyon sa mga maliliit na pangisdaan at kung paano nakakaimpluwensya ang mga iba't-bang kinatawan sa patas na pagpapanatili at pamamahala ng maliliit na pangisdaan. Ang mga solusyon na naglilimita sa kababaihan sa sistema ng pangisdaan at akwakultura batay lamang sa kanilang reproduktibong kalusugan at mga umiiral kaugalian sa pananalapi ay maaaring magpanatili ng hindi makatarungang pagtrato sa mga kababaihan, lalo na sa mga nakatira sa kanayunan at katutubo.

Ang mga sumusunod na isyu sa kasarian ay dapat isaalang-alang kapag nagpapatupad ng SPA sa Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Pangisdaan (2016-2020):

- Palakasin ang mga kababaihan sa pamamahala ng pangingsda sa pamamagitan ng pagtuturo tungkol sa iba't ibang mga teknikal at ligal na isyu.
- Pagbigay pagkakataon sa mga mangingsda ng mga mapagkukunan ng pangingsda, mapagkukunan sa pananalapi, at pagmemerkado.
- Pagtataguyod ng pantay na sahod para sa pangingsda.
- Pagtibayin at palakasin ang kakayahan ng mga unyon ng kababaihan at mga organisasyon sa pamamagitan ng mga mekanismong maglalaan ng mapagkukunan at pagdaragdag ng kanilang mga responsibilidad sa pamamahala.
- Hikayatin ang mga kababaihan na lumahok sa iba pang mga aktibidad na hindi nauugnay sa lupa, tulad ng paggawa ng binhi, koleksyon at pagproseso ng mga produktong nabubuhay sa tubig.
- Subaybayan ang mga pagbabago sa pamamahala ng mga mapagkukunan upang masuri kung hanggang saan may umiiral na pormal at di-pormal na mga balangkas na nagbibigay-daan sa mga kababaihan na magkaroon ng ahensya, boses, at pagkakataon upang matukoy ang mga prayoridad sa pagbabago.
- Tiyakin ang pagbibigay ng suporta para sa mga pag-aaral na may kinalaman sa kasarian sa mga pangisdaan.

3.2.4 Pangkagubatan

Ang mga kagubatan ay may mahalagang papel sa paggawa ng kahoy at iba pang mga produkto, nagbibigay ng tahanan sa mga tao sa sub-rehiyon. Nagbibigay trabaho ito sa paggawa ng mga kasangkapan at iba pang mga produktong kahoy, sa pamamahala ng mga protektadong lugar, at pag-unlad ng taniman. Mahalaga ang mga kagubatan para sa mga lokal, katutubo at mamamayan dahil nagbibigay ito ng pagkain, enerhiya at tirahan sa milyong-milyon sa ASEAN.

Ang *ASEAN Senior Officials on Forestry (ASOF)* ay responsableng kinatawan para sa pakikipagtulungan sa panggugubat sa ASEAN. Ang ASOF ay nagtatag upang "Ang mga mapagkukunang kagubatan ay napapanatili upang matugunan ang mga pangangailangan sa lipunan, sosyo-ekonomiko at kultura, ng kasalukuyan at hinaharap na henerasyon, at positibong nagbibigay ng kontribusyon sa pangmatagalang pagunlad". Ang layunin para sa sektor ng kagubatan sa ASEAN ay upang "mapahusay ang pamamahala ng kagubatan para sa tuluy-tuloy na paggawa ng mga kalakal at serbisyo sa kagubatan sa isang balanseng pamamaraan at tiyakin ang proteksyon ng kagubatan at pangangalaga ng biyolohikal na pagkakaiba-iba, at iayon ang kanilang paggamit para sa ikatatagal ng lipunan at ekolohiya.

Sa buong Timog Silangang Asya, may 300 milyong katao ang naninirahan sa mga lugar sa kanayunan at hanggang sa 70 milyong mga tao ang umaasa sa mga kagubatan para sa kanilang kabuhayan, nutrisyon at seguridad sa pagkain. Ang mga

kalalakihan at kababaihan ay madalas na naiiba sa paggamit ng mga di-kahoy na produktong gubat, at ang mga kababaihan ay madalas umasa sa mga produktong ito. Ang mga kababaihan ay nag-aambag sa sektor ng kagubatan sa maraming paraan, pormal at di-pormal, sa pamamagitan ng agroforestry, pamamahala ng tubig, pagaalaga ng puno at pangangalaga sa kagubatan. Ang mga kababaihan ay bumubuo ng isang makabuluhang proporsyon ng lakas ng paggawa sa mga industriya ng kagubatan sa buong mundo, lalo na sa pagaalaga ng mga batang puno, pati na rin sa mga aktibidad ng pagpuputol at pagproseso ng kahoy. Kahit na ang mga kababaihan ay may malaking naiaambag sa sektor ng kagubatan, ang kanilang mga tungkulin ay hindi ganap na kinikilala o naitatala, at ang kanilang sahod at kondisyon sa pagtatrabaho ay kadalasang mas mababa sa mga kalalakihan. Bukod dito, ang mga kababaihan ay bihirang may pantay na paglahok sa pagbubuo, pagpapalano, at pagpapatupad ng mga patakaran sa kagubatan. May pagkakaiba-iba din ng mga epekto ng pagkasira ng kagubatan: para sa mga kalalakihan, ang pagkalbo sa kagubatan ay maaaring humantong sa pagkawala ng kita, habang para sa mga kababaihan, maaaring dagdagan ang kanilang pasanin sa pagtrabaho, lalo na sa oras na ginugol upang mangalap ng kahoy na panggatong.

Ang ekonomiya, lipunan, kultura, pulitika at batas ay maaaring makaapekto sa mga karapatan ng kababaihan at kalalakihan upang makontrol ang mga yamang kagubatan at pagmamay-ari ng lupa. Kahit sila ang may-ari ng lupa, maaaring hindi mabigyan ang mga kababaihan ng pagkakataong kumita ng galing sa kagubatan. Karaniwan, ang mga kababaihan ay maaaring makakuha ng mga NTFP, ngunit hindi sa mga mapagkukunan ng kahoy, na madalas dominado ng mga kalalakihan, pati sa mga pinakamahalagang produktong komersyal na galing sa mga kagubatan. Malaki ang implikasyon nito sa pamamahala ng kagubatan at mga istraktura ng kapangyarihan na batay sa kasarian ng ilang mga pamayanan. Sa isang pag-aaral ng World Bank, ang pagbibigay sa mga kababaihan ng mas malaking boses sa pamamahala ng mga kagubatan ay nagdudulot ng malaking pagbubuti ng konserbasyon (World Bank, 2012).

Ang mga katutubo na naninirahan sa mga lugar ng kagubatan na umaasa sa kagubatan ay sadyang mahalaga rin para sa kaligtasan ng kagubatan. Tinatantiya ng World Bank na mayroong humigit-kumulang na 60 milyong katutubong nakasalalay sa kagubatan (Tauli- Corpuz, 2011). Ang *UN Declaration on the Rights of Indigenous People* (UNDRIP) ay ganap na kumikilala sa kahalagahan ng lupa, mga teritoryo at mapagkukunan yaman para sa mga katutubo. Binigyang diin nito ang Karapatan ng mga Katutubo sa *Free Prior and Informed Consent* (FPIC) na kinakailangan upang mapangalagaan ang kanilang karapatan sa lupa, mga teritoryo at mapagkukunang yaman at karapatan sa pagpapasiya. Ang mga kababaihang katutubo ay ang pinakaapektado sa pagbabago ng klima at ang kahalagahan ng kanilang tradisyunal na kaalaman, halaga at abilidad. Kinakailangang magsama-samang bumuo at palakasin ang kanilang pamayanan, para sa kasalukuyan at hinaharap na mga henerasyon.

Ang mga sumusunod na mga isyu sa kasarian ay dapat isaalang-alang sa pagpapatupad ng SPA para sa Pagtutulungan ng ASEAN sa Pangkagubatan (2016-2025):

1. Hikayatin ang AMS na ipahayag ang mga patakaran na tumutugon sa kasarian sa panunungkulan, mga karapatan sa pagkuha, representasyon sa oportunidad sa pagpapalakas ng kapasidad.
2. Magsimula ng dayalogo at mag-organisa ng mga pagpupulong sa nasyonal at sub-nasyunal upang talakayin ang mga nauugnay na isyu sa kasarian at mga umiiral na patakaran at kagawian sa kagubatan
3. Makisali sa mga samahang lipunan, mga organisasyon sa komunidad, mga institusyon ng gobyerno, at mga samahan ng kababaihan upang matiyak na may kasamang mga diskarte sa pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga patakaran sa kagubatan na tumutugon sa kasarian
4. Mag-organisa ang mga seminar at aktibidad na tumatalakay sa kasarian para sa mga opisyal ng nangangasiwa ng kagubatan, kabilang ang mga gumagawa ng desisyon at mga miyembro ng komite, upang matiyak ang mas malalim na pag-unawa sa mga alalahanin ng kababaihan sa mga patakaran at programang pangkagubatan
5. Palakasin ang kakayahan ng mga nagtatrabaho sa mga ahensya na may mga opisnang tumutugon sa mga isyung pangkasarian sa loob nito at isali sila sa isang malawakang konsultasyon kaugnay ng kagubatan at sa mga proseso ng pagsusuri at patakaran sa pag-unlad.
6. Konsultahin ang mga nasa istruktura ng pangangasiwa upang matukoy kung saan may di pagkakapantay-pantay sa kasarian at upang mapadali ang paglikha ng mas maraming balanseng mga institusyon sa kagubatan. Mahalaga ito upang madagdagan ang representasyon ng kababaihan sa mga tungkulin sa pamumuno at ang kanilang pakikilahok sa pagdedesisyon.
7. Pag-aralan ang mga kalakaran sa trabaho sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan, partikular ang porsyento ng mga kababaihan na may edukasyon kaugnay sa kagubatan, pati na rin ang pangangalap ng datos ukol sa pagpapanatili ng mga kababaihan sa sektor ng kagubatan.
8. Tiyaking pantay na pagbabahagi ng mga benepisyo (halimbawa’y ang pagbabayad para sa mga serbisyong pangkapaligiran) sa pagitan ng mga kababaihan at kalalakihan.
9. Palakasin ang mga kababaihan sa pamamagitan ng pagbuo ng kanilang kakayahan na makilahok sa rehabilitasyon o pagpapanumbalik ng lupa.
10. Pagsubaybay sa mga patakaran sa kagubatan at pagdala ng lente ng kasarian sa mga umuusbong na balangkas ng pamamahala sa kagubatan.

3.2.5 Pagbabago ng Klima

Ang Timog-silangang Asya ay lubos na nahihirapan sa pagbabago ng klima dahil sa malaking proporsyon ng populasyon nito at ang ekonomiya ay nakatuon sa mga baybayin; ang rehiyon ay lubos na umaasa sa agrikultura para sa kabuhayan; mayroong mataas na paggamit sa likas na yaman at kagubatan; at ang antas ng matinding kahirapan ay nananatiling mataas. Ang mga kababaihan sa mga umuunlad

na bansa ay partikular nahihirapan sa pagbabago ng klima sapagkat lubos silang umaasa sa mga lokal na likas na yaman para sa kanilang kabuhayan. Ang mga kababaihang nakaatas sa pag-iipon ng tubig, pagkain at panggatong para sa pagluluto at pag-iinit ay nahaharap sa mga matinding hamon ng pagbabago ng klima. Ang mga kababaihan ay nakakaranas ng hindi pantay na pag-akseso sa mga pinagkukunang yaman at proseso ng pagdedesiyon, at may limitadong pagkilos sa mga kanayunan. Sa ngayon, mahalaga na kilalanin ang mga diskarte na sensitibo sa kasarian na tumutugon sa mga krisis na ito para sa mga kababaihan.

Ang mga kababaihan at kalalakihan ay may iba't ibang pinagkukunan ng lupa, kredito, teknolohiyang pang-agrikultura upang makayanan ang mga epekto ng pagbabago ng klima: kung kaunti ang pinagkukunang yaman ng mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan, pinapahina nito ang kanilang kakayahang humarap sa isang nagbabagong klima. Ang pagbabago ng klima at ang mga hakbang upang pabagalin ito (halimbawa ay mga mekanismong magliligtas sa lipunan, pampinansyal na seguridad batay sa panahon, pana-panahong pagtataya ng klima at mga hakbang na nauugnay sa mga kagubatan o pag-iimbak ng karbon ng lupa) ay madalas na hindi tinutugunan ang mga isyung pangkasarian, partikular dito ang hamong hinaharap ng mga kababaihan sa paglahok sa mga hakbang na ito. Karaniwang nahaharap ang mga kababaihan sa mas mataas na peligro sa pagtugon sa mga panganib at mas malaking pasanin mula sa mga epekto ng pagbabago ng klima. Bagama't malalim ang kanilang kaalaman at madalas tagapamahala ng karaniwang yamang likas, madalas silang maiiwan sa pagbabalangkas ng mga desisyon na may kinalaman sa klima.

Ang mga Miyembrong Estado sa taunang *Conference of the Parties (COP23)*, na nagtipon mula ika-6 hanggang ika-17 ng Nobyembre taong 2017 sa Bonn, Alemanya, ay nagpatibay ng isang bagong plano na nagbibigay-daan sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagpapalakas ng kababaihan sa diskurso at mga aksyon sa pagbabago. Ang paglikha ng isang "Gender Action Plan" ay napagkasunduan ng mga Partido sa COP22, upang palakasin ang papel ng mga kababaihan sa aksyon sa klima. Ang layunin ng *Gender Action Plan* ay tiyakin na maimpluwensyahan ng mga kababaihan ang mga desisyon sa pagbabago ng klima at ang mga kababaihan at kalalakihan ay may pantay na kinatawan sa lahat ng aspeto ng *UN Framework Convention on Climate Change (UNFCCC)*. Itinakda ng *Gender Action Plan*, sa limang prayoridad na lugar, kung saan ang mga sumusunod na aktibidad ay makakatulong makamit ang layuning ito.

- Paglinang ng kaalaman at kakayahan ng mga kababaihan at kalalakihan sa pamamagitan ng pagsasanay at palitan ng impormasyon.
- Itaas ang pantay at makabuluhang pakikilahok ng mga kababaihan sa pambansang delegasyon.
- Mas isaalang-alang ang kasarian--tulad ng pagtugon sa kakulangan ng mga kababaihan na humarap sa mga sakuna, pag-unawa kanilang sa papel sa agrikultura at produksyon ng pagkain, pagsuporta sa mga negosyanteng kababaihan sa sektor ng enerhiya--sa lahat ng larangan ng paggawa ng Mga Partido sa Kumbensyon na ito.

- Itaas ang mga pinagkukunang pampinansyal kaugnay sa klima na nagsasaalang-alang sa kasarian at sumasalamin sa mga pangangailangan ng mga kababaihan at mga batang babae.
- Pagbutihin ang pagsubaybay sa pagpapatupad ng mga desisyon na may kaugnayan sa kasarian.

Ang *ASEAN Working Group on Climate Change (AWGCC)* ay itinatag upang pangasiwaan ang pagpapatupad ng mga magkakaugnay na kilos ng *ASEAN Socio-Cultural Community (ASCC) Blueprint*. Isa sa mga layunin ng *ASCC Blueprint 2025* ay ang mapagtanto ang isang matatag na pamayanan na may mahusay na kakayahang umangkop at tumugon sa mga kahinaang panlipunan at pang ekonomiya, mga sakuna, pagbabago ng klima, pati na rin ang mga kasalukuyang banta at hamon. Ang mga sumusunod na isyu sa kasarian ay dapat isaalang-alang kapag ipinapatupad ang *ASCC Blueprint 2025*:

- Magsagawa ng isang malalim at may ebidensyang pagsusuri sa mga tungkulin ng kababaihan at kalalakihan sa mga sektor na naapektuhan ng pagbabago ng klima, at ang kanilang mga diskarte para harapin ito.
- Pagdala ng pananaw pangkasarian sa kabubuan ng programa sa pagbabago ng klima upang mabisang matugunan ang mga pangangailangan at prayoridad ng kababaihan at kalalakihan, at tiyakin ang buo at makabuluhang pakikilahok ng mga kababaihan sa pagkamit ang mga resultang may kinalaman sa kasarian
- Siguraduhin ang mga pagkilos na tumutugon sa mga kahinaang dulot ng hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian at kahirapan
- Isaalang-alang ang kasarian sa mga mekanismo at estratehiyang pampinansyal sa loob at labas ng bansa sa tumutugon sa pagbabago ng klima.

3.2.6 Seguridad sa Pagkain at Nutrisyon

Tinitiyak ng ASEAN ang seguridad ng pagkain para sa rehiyon, ang mapahusay ang produksyon ng agrikultura, at ang pagpapanatili ng likas na yaman. Bilang pagkilala sa mabilis na pagbabago sa pandaigdigang merkado at ang mga epekto nito sa mga sektor ng agrikultura at kagubatan, pati na rin ng mga pagbabago sa istruktura sa loob ng mga sektor na ito, bilang resulta ng industriyalisasyon, ang *Hanoi Plan of Action (HPA)* at ang *Vientiane Action Ang Program (VAP)* sa pagkain, agrikultura, at kagubatan ay nanawagan para sa "Pagpapalawak ng seguridad sa pagkain at ng pandaigdigang kakayanang lumaban ng mga produktong pagkain, pang-agrikultura at pangkagubatan ng ASEAN sa pamamagitan ng pagbuo ng mga naaangkop na teknolohiya na magdaragdag sa pagiging produktibo, ang pangangalakal sa loob at labas ng ASEAN, at mas malaking pamumuhunan ng pribadong sektor sa ng pagkain, agrikultura at kagubatan ."

Ang kawalan ng seguridad sa pagkain at nutrisyon ay isang isyu sa hustisya pagdating sa kasarian. Ang mababang katayuan ng mga kababaihan, bata o matanda ang pinaka-peligro at lalo silang pinahihina ng mga di pantay na kalakaran sa ekonomiya ng mundo at ng pagbabago ng klima nito. Isang ebidensya nito ang mataas na

ugnayan ng hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian at kawalan ng katiyakan sa pagkain at nutrisyon. Ang mga ugnayan sa kasarian ay mahalaga sa pagtukoy ng kahinaan sa kawalang-seguridad sa pagkain at malnutrisyon. Ang diskriminasyon ng kasarian sa paglalaan ng mga mapagkukunan ng tahanan, kabilang ang mga nauugnay sa nutrisyon, ay maaaring magresulta sa isang mas mataas na insidente ng malnutrisyon sa mga kababaihan at batang babae: lalala ito sa panahon ng krisis.

Binibigyang din ng pagsusuri ng *Institute of Development Studies* (IDS, 2014) tungkol sa kasarian at seguridad sa pagkain, ang pagbubuo ng mga patakaran at programa sa seguridad ng pagkain at nutrisyon na pangmatagalan, tulad ng pagpapalakas ng produksyon ng agrikultura, na nakasalalay sa mga modelo ng industriya at liberalisasyong pangkalakalan, at hindi lamang mga panandaliang estratehiya tulad ng pagbibigay ng pagkain sa mahihirap.

Ang 'apat na haligi' ng seguridad sa pagkain--pagkakaroon, pag-akseso, paggamit at pagkatatag--na kinilala sa *World Summit on Food Security* noong 2009 ay nagbibigay ng mga kapaki-pakinabang na puntos para sa isang mas komprehensibong pagsusuri ng problema ng kawalang-seguridad sa pagkain at para sa pagtugon sa kasalukuyang kakulangan sa pagtugon dulot ng patakaran.

Ang mga sumusunod na isyu sa kasarian ay dapat isaalang-alang kapag ipinatutupad ang isinama sa Balangkas at SPA ng AIFS para sa Seguridad sa Pagkain sa ASEAN (2015-2020):

- Paglayon ng ugnayan ng mga patakaran sa kasarian, agrikultura, nutrisyon, kalusugan, kalakal at iba pa, sa pamamagitan ng mga pambansa at panrehiyong mga proseso.
- Kilalanin at igalang ang lokal na kaalaman ng mga magsasaka, kabilang ang mga kababaihang magsasaka, para sa pagbuo ng mga lokal na solusyon sa seguridad ng pagkain at nutrisyon na makatarungan sa bawat kasarian;
- Bumuo ng mahusay na mga diskarte sa ekolohiya sa paggawa ng pagkain, tulad ng agro-ekolohiya, na nagtataguyod ng mainam na pagsasaka at pagpapalakas ng kababaihan;
- Itaguyod ang pagpapatupad ng lahat ng mga karapatang pantao sa pagkain at, partikular ang mga karapatan ng kababaihan, sa iba pang mga pinagkukunang yaman sa komunidad, tulad ng lupa; at
- Isali ang mga kababaihan at kalalakihan na kasapi ng mga kooperatiba ng magsasaka at SMEs na labanan ang hindi pantay na pamamahagi ng pagkain.

3.2.7 Pagturing sa Kasarian sa Magkaikibat ng Pangkalinangan sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan

Ang pagsasara ng "agwat ng kasarian" sa agrikultura ay maaaring magresulta sa pagyabong ng produksyon. Ayon sa ulat ng FAO na may titulong *The State of Food and Agriculture 2010-2011*, ang ani ng mga kababaihan ay maaaring lumago ng 20-30 porsyento kung malaya silang nakakakuha ng mga gamit sa agrikultura. Ito'y magdudulot ng paglago sa kabuuang produksyon ng agrikultura sa mga umuunlad na

bansa ng 2.5-4 porsyento, na maaaring bumawas ng mula 12 hanggang 17 porsyento sa bilang ng mga taong walang katiyakan sa pagkain sa mundo (FAO, 2011). Sa loob ng kontekstong ito, masasabing ang pagsasaalang-alang sa kasarian ay hindi lamang isang karapatang pantao; sinisigurado rin nito ang pangmatagalang paglago.

Ang mga programang may kinalaman sa magkaikibat na pangkalinangan, kung dinisenyo ayon sa pantay na prinsipyo ng kasarian, ay hahantong sa makabuluhang kompetensya at pagkakapantay-pantay ng kasarian na siyang hahantong sa pagbawas ng kahirapan. Mahalagang matukoy sa mapa ng magkaikibat na pangkalinangan ang mga ugnayan at mga papel ng kasarian. Ang proseso ay batay sa isang tiyak na pag-unawa sa mga umiiral na relasyon sa kasarian na tumutukoy na konteksto ng bansa at para sa mga tiyak na pagkain, agrikultura at mga produktong gubat. Dapat itong isama ang pagma-mapa ng partisipasyon ng kalalakihan at kababaihan at mga benepisyo na kasama rito at pagkilala sa mga kadahilanan na humuhubog sa mga kaugalian ng kasarian sa operasyon ng magkaikibat na pangkalinangan. Ang galaw ng kasarian ay nakatali sa siklo ng pag-unlad: nakasalalay ito sa malakas na mga ugnayan at positibong pakikipagtulungan sa mga aktor, at ang mga kababaihan ay mahalaga, kahit madalas silang hindi nakikita o napapansin.

Ang balangkas ng FAO para sa *Gender-Sensitive Value Chain* (GSVC) ay nakatuon sa indibidwal at tinitingnan ang mga hadlang batay sa kasarian na nagpapahina sa magkaikibat na pangkalinangan. Layunin ng GSVC na makilala ang mga hadlang na ito sa bawat bahagi ng magkaikibat na pangkalinangan, tulad ng pakikilahok rito, pag-akseso at pagkontrol sa mga produkto at benepisyo (FAO 2016).

Ang mga sumusunod na isyu sa kasarian ay dapat isaalang-alang kapag isinasama ang kasarian sa mga value chain ng agrikultura:

- Magsagawa ng pananaliksik upang maunawaan ang mga tungkulin at responsibilidad ng kalalakihan at kababaihan sa mga value chain ng agrikultura
- Tugunan ang mga pangangailangan sa pagbuo ng kakayahan ng mga kababaihan sa value chain ng agrikultura
- Suportahan ang pagsulong ng ekonomiya ng kababaihan
- Itaguyod ang mga pantay na pantay na solusyon na hinimok ng mercado
- Disenyo na pantay sa mekanismo ng pagbabahagi
- Isama ang mga kababaihan sa pagtukoy sa problema at solusyon
- Magbigay ng mga pagkakataon para sa mga kababaihan na makakuha ng pag-access sa mga input at impormasyon sa mercado
- Tulungan ang pangkat ng kababaihan na bumili ng kagamitan upang mapalawak ang pagproseso
- Tulungan ang mga kababaihan na mapagtagumpayan ang mga hadlang sa kadaliang kumilos at mga hadlang sa lipunan
- Hikayatin ang mas maraming mga negosyo na pagmamay-ari ng kababaihan na sumali sa samahan ng kalakal
- Tugunan ang mas ligtas na kapaligiran sa pagtatrabaho / lugar ng pagtatrabaho para sa kabutihan ng kababaihan

4. MGA Estratehiyang Panrehiyon at Planong Aksyon

4.1 Karapatang Pangkasarian sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura at Panggugubat

Mayroong mahalagang pananaw sa kasarian sa lahat ng aspeto ng pagkain, agrikultura at panggugubat. Ang mga hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga pinagkukunang yaman, tulad ng lupa, kredito, mga serbisyong pagpapalawak, impormasyon at teknolohiya, ay dapat isaalang-alang sa pagbuo ng mga patakaran, programa at aktibidad sa pagkain, agrikultura at pangkagubatan. Ang mga kababaihan ay bumubuo ng isang malaking bilang ng mga mahihirap sa mga pamayanan na lubos na umaasa sa mga lokal na likas na yaman para sa kanilang kabuhayan, at sila ay walang katiyakan at madaling maapektuhan ng pagbabago ng klima. Ang mga kababaihan sa mga kanayunan ang may pangunahing responsibilidad sa pagkalap ng tubig para sa kanilang tahanan, ng panggatong para sa pagluluto at pag-init, at ng seguridad sa pagkain, ngunit sila ang pinaka-apektado ng pagkauhaw, kawalan ng seguridad sa panahon ng tag-ulan, at pagkalbo ng kagubatan. Dahil sa kanilang mga tungkulin, hindi pantay na kanilang pinagkukunan ng yaman at limitadong pagkilos, karamihan sa mga kababaihan ay lubhang naapektuhan ng mga natural na kalamidad, tulad ng pagbaha, sunog, at pagguho ng lupa sa kabundukan. Mahalagang kilalanin ang mga diskarte na sensitibo sa kasarian para sa pagtugon sa mga krisis sa kapaligiran sanhi ng pagbabago ng klima.

Dapat hikayatin ang mga Estadong Miyembro ng ASEAN na pangunahin ang pananaw sa kasarian sa kanilang pambansang mga patakaran, mga plano sa pagkilos at iba pang mga hakbang sa napapanatiling pag-unlad at pagbabago ng klima, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sistematikong pagtatasa ng kasarian, pagkolekta at paggamit ng data na hindi pinaghiwalay ng kasarian, pagtaguyod ng mga tagapagpahiwatig at benchmark na sensitibo sa kasarian at pagbuo ng mga praktikal na tool upang suportahan ang mas mataas na pansin sa mga pananaw sa kasarian. Ang konsultasyon at pakikilahok ng mga kababaihan sa mga hakbangin sa pagbabago ng klima ay dapat isaalang-alang at palakasin ang papel ng mga grupo ng kababaihan at mga network.

4.2 Balangkas ng Isang Estratehiya para sa Pagsulong ng Karapatang Pangkasarian sa mga Sektor ng Pagkain, Agrikultura, at Pangkagubatan

Ang pangkalahatang layunin ng pagsulong ng karapatang pangkasarian sa pagkain, agrikultura at pangkagubatan ay "Upang mapabilis at isulong ang katatagan ng mga patakaran sa agrikultura, istraktura at programa upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng kasarian tungo sa pangmatagalang pag-unlad pagdating ng taong 2025".

4.2.1 Diskarte at Adbokasiya

Layunin nitong itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga patakaran, pagkain, agrikultura at pangkagubatan, sa mga programa, sistema at istraktura sa panrehiyon at pambansang antas. Ang mga sumusunod na aktibidad ay maaaring isaalang-alang:

- Paigtingin ang nauugnay na pakikipagtulungan at pagbabahagi ng impormasyon sa mga rehiyonal at pambansang katawan, sa mga samahan at kasosyo sa pag-unlad na nagtatrabaho sa pagsulong ng karapatang pangkasarian.
- Isulong ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga polisiyang may kinalaman sa pagkain, agrikultura at kagubatan sa iba't ibang ng antas ng mga nagtatrabaho sa bawat sektor ng ASEAN.
- Itaguyod ang pagbabahagi ng mga karanasan at aral na natutunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkakataon sa mga kababaihan na makilahok sa mga panrehiyong at pang-internasyonal na talakayan sa pagkain, agrikultura at kagubatan.
- Tiyakin ang pakikilahok ng mga dalubhasa sa pagtataguyod ng kasarian at mga samahan ng kababaihan sa mga proseso ng pagkonsulta para sa pagbuo sa mga estratehiya at pagpapatupad ng mga polisiya sa pagkain, agrikultura at kagubatan.
- Itaguyod ang pagiingat sa agrikultura (sustainable agriculture) sa pamamagitan ng mga gawaing sensitibo sa klima na siyang nagauugnay sa mga malilit na magsasakang lalaki at babae upang matugunan ang di pagkakapantay-pantay ng kasarian.
- Itaguyod ang paggawa ng mga materyales at publikasyon na may layunin na tugunan ang mga pagtingin na batay sa kasarian at kawalan ng katarungan sa pagkain, agrikultura at kagubatan.
- Lumikha ng kapaligirang nagbibigay-daan para sa pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pagkain, agrikultura at panggugubat.
- Tukuyin ang mga kasalukuyang polisiya panrehiyon at pambansa na may kinalaman sa kasarian.

4.2.2 Pagpapalakas ng Kapasidad

Layunin nitong palakasin at buuin ang kakayahan ng mga gumagawa ng polisiya, manggagawa sa bukid at mga magsasaka sa pangaangkop ng mga gabay na nagsasaalang-alang sa kasarian pagdating sa agrikultura at pagbabago ng klima. Ang mga sumusunod na aktibidad ay maaaring ikonsidera:

- Magsagawa ng pagsusuri upang malaman ang mga pangangailangang kapasidad ng mga kasama sa usaping ito.
- Suportahan ang mga miyembrong estado sa pagbuo ng mga aral tungkol

gawain sa pagtanim at kasarian na nangangalaga sa klima.

- Suportahan ang mga miyembrong estado magkaroon ng kakayahang magsagawa ng pagsusuri na may kinalaman sa kasarian.
- Itaguyod ang pagsasanay ng mga babae bilang ahente ng agrikultura.
- Madaliin ang pagbuo ng isang sistema at imbakan ng datos ng mapagsama ang lahat ng kaalaman at karanasan ng kababaihan sa paggamit ng pangmatagalang pinagkukunang yaman at mga sistemang nagpapatakbo ng produksyon sa agrikultura.
- Madaliin ang pagpapalakas ng kapasidad ng mga nagtuturo ng agrikultura at kasarian na nangangalaga sa kalikasan.

4.2.3 Balangkas Panginstitusyon

Layunin nitong palakasin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga organisasyon at institusyon na responsable para sa kasarian, agrikultura at pagbabago ng klima sa antas ng rehiyon at pambansa. Ang mga sumusunod na aktibidad ay maaaring isaalang-alang:

- Bumuo ng isang pagsusuri sa sitwasyon ng mga napiling panrehiyong at pambansang institusyon upang matukoy ang kanilang kakayahan na isama ang pananaw pangkasarian sa mga hakbangin sa agrikultura at pagbabago ng klima.
- Itaguyod ang palitan ng mga pinakamahusay na gawain ng mga institusyon at samahan na sumusuporta sa pamumuno ng mga babaeng magsasaka sa mga kooperatiba at samahan ng mga magsasaka.
- Palakasin ang paglahok ng mga makinarya sa pambansang usapin ng kasarian, ang pagsulong ng pambansang agrikultura, at mga balangkas sa pamumuhunan.
- Palakasin ang mga istrakturang pang-organisasyon mula sa pambansa hanggang sa lokal na antas, ang pagsasaayos at lokalisasyon ng mga plano, at ang pagpapahusay ng mga mekanismo sa pagsubaybay at pagsusuri.

4.2.4 Pagbuo at Pagpapalakas ng Estratehiya sa Pakikipagsosyo

Layunin nitong lumikha at palakasin ang madiskarteng pakikipagsosyo at mga kasunduang tatlo ang partido sa antas ng internasyonal at panrehiyon kabilang ang mga pribadong makikilahok. Ang mga sumusunod na aktibidad ay maaaring isaalang-alang:

- Magsagawa ng mga paglilibot o pagbisita upang mapag-aralan, malaman, magbahagi ng mga karanasan at pagkukusa pagdating sa kasarian, agrikultura at pagbabago ng klima

- Gumawa ng isang plataporma upang makilala at maisali ang mga potensyal na mapagkukunan ng pondo para sa mga aktibidad na magsusulong ng karapatang pangkasarian

4.2.5 Impormasyon, Komunikasyon at Publisidad

Layunin nitong magtatag ng isang sistema ng pamamahala ng impormasyon na nakatuon sa kasarian, agrikultura at pagbabago ng klima. Ang mga sumusunod na aktibidad ay maaaring isaalang-alang:

- Palawigin ang kamalayan at kamtin ang sapat na impormasyon sa agrikultura at pagbabago ng klima, lalo na sa mga impormasyong may kinalaman sa mga kababaihan, kabataan at kalalakihan.
- Bumuo ng sistemang mamamahala ng impormasyon at mga dokumento na nakatuon sa kasarian, agrikultura at pagbabago ng klima.
- Itaguyod at ipagkalat ang impormasyong may kinalaman sa pagiging sensitibo sa kasarian at mga materyales sa agrikultura at pagbabago ng klima.

4.2.6 Pananaliksik, Reporma at teknolohiya

Layunin nitong itaguyod ang makatarungang pagsasaliksik sa kasarian na sumusuporta sa mga teknolohiya ng matalinong pang-agrikultura. Ang mga sumusunod na aktibidad ay maaaring isaalang-alang:

- Magsagawa ng mga pagbabasihan ng mga gawain at kasanayan sa mga Miyembro na Estado tungkol sa kasarian, maingat na pagsasaka at teknolohiya.
- Palakasin ang pananaliksik upang makakuha ng mas komprehensibong datos sa mga aspeto ng kasarian, agrikultura at pagbabago sa klima upang suportahan ang matalinong agrikultura.
- Paigtingin ang pakikipagtulungan at pakikilahok na mga pagaaral at pag-unlad, kasama ang pag-angat sa mga teknolohiya, sistema ng impormasyon, at kaalaman upang matiyak na ang mga isyu sa pagkakapantay-pantay ng kasarian ay matutugunan.

5. PROSESO NG PAGPAPATUPAD

Ang mga rekomendasyon sa ng AMAF ay nagsisilbing sanggunian para sa pagsisikap ng AMS na maisulong ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga sektor ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan. Ang SOM-AMAF, na may suporta mula sa ATWGARD, ASWGL, ASWGC, ASWGFi, ASOF at iba pang pangkat sa pagtatrabaho, ay maaaring gamitin ang gabay na ito kung saan nararapat ang mga rekomendasyon ng AMAF. Ang ATWGARD, na may malapit na koordinasyon sa Sekretariat ng ASEAN, ay maaaring humingi ng suporta mula sa mga kasosyo sa ASEAN at mula sa iba't ibang mga kasamahan sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng AMAF na nakapaloob sa gabay na ito.

PINAGSANGUNIAN

- ASEAN, 2017: Declaration on the Gender-Responsive Implementation of the ASEAN Community Vision 2025 and Sustainable Development Goals*
- ASEAN, 2016: Projected Gender Impacted of the ASEAN Economic Community*
- ASEAN, 2015: Vision and Strategic Plan for ASEAN Cooperation in Food, Agriculture and Forestry, 2016-2025*
- ASEAN, 2010: Ha Noi Declaration on the Enhancement of Welfare and Development of ASEAN Women and Children*
- Black, R. E., L. H. Allen, Z. A. Bhutta, L. E. Caulfield, M. de Onis, M. Ezzati, C. Mathers, J. Rivera, 2008 for the Maternal and Child Undernutrition Study Group: Maternal and Child Undernutrition: Global and Regional Exposures and Health Consequences. The Lancet 371(9608):243–260*
- FAO. 2016. Developing gender-sensitive value chains – A guiding framework. Rome*
- FAO, 2013: CEDAW- Convention on the elimination of all forms of discrimination against women. A tool for gender – sensitive agriculture and rural development policy and programme formulation*
- FAO (2013) Understanding and integrating gender issues into livestock projects and programmes: A checklist for practitioners.*
- FAO, 2012: How to mainstream gender in forestry*
- FAO, 2008 The World Bank and IFAD: Gender in Agriculture, Sourcebook*
- FAO, 2008: World Fish Center and World Bank: Small-scale capture fisheries – A global overview with emphasis on developing countries: a preliminary report of the Big Numbers Project. FAO and WorldFish Center, Rome & Penang, 62 pages*
- Porter, M. (2006) Gender and fisheries: A global perspective. Paper presented at Global Coasts: Gender, Fisheries and Contemporary Issues, International Symposium, University of Tromso, Norway, June 2006*
- UN, 2010: UN Joint programmes integrating gender issues in food security, agriculture and rural development*
- Tauli-Corpuz, Victoria. 2011. Indigenous women, climate change and forests. Baguio City, Philippines: Tebtebba Foundation.*
- World Bank, World Development Report 2012: Gender Equality and Development, Washington, DC, 2012*
- World Bank, Food and Agriculture Organization & International Fund for Agricultural Development, 2009. Gender in agriculture source book*

ANNEX 1: Mga Rekomendasyon para sa Bawat Sektor ng SPA

Ang mga sumusunod na SPA ay sinuri upang mabuo ang mga rekomendasyon para sa diskarte.

SPA para sa Pakikipagtulungan ng ASEAN sa Sektor ng Pagkain, Agrikultura, and Pangkagubatan (2016-2025)

| Strategic Thrust | Deskripsyon | Mga Aktibidad | Mga Pangkasariang Solusyon |
|------------------|--|---|---|
| ST1 | Pagandahin ang dami at kalidad ng produksyon gamit ang mga teknolohiyang nagpapanatili ng kapaligiran, mga sistema sa pamamahala ng pinagkukunang-yaman, at mga pagbabawas sa basura bago at matapos ng pag-aani | 1.13. Bumuo ng mga pamantayan at pagsabayin ang mga konsepto, pamamaraan at paglalahad ng pambansang istatistika at palakasin ang kakayahang pang teknikal ng AMS upang magsagawa ng mga pag-aaral sa maraming bansa at magsagawa ng tumpak na pagsusuri at pagpapalano ng sitwasyon. | Bumuo ng buong konsepto at pamamaraan sa pagsasama ng kasarian sa mga sektor ng Pagkain, Agrikultura at Pangkagubatan |
| ST2 | Palaguin ang kalakalan, ekonomiya at akses sa merkado | 2.5. Magtatag ng mga ugnayan sa negosyo kabilang ang mga potensyal na kooperatiba sa agrikultura at samahan ng mga magsasaka | Tiyakin ang pakikilahok ng mga kooperatiba at samahan ng kababaihan |
| ST3 | Siguraduhin ang seguridad ng pagkain, kaligtasan ng pagkain, mas mahusay na nutrisyon at pantay na pamamahagi | 3.5 Pagbutihin ang seguridad ng pagkain at nutrisyon sa pamamagitan ng pag-iba-iba ng mga mapagkukunan ng pagkain at pagpapalakas ng kalidad at pagkakaiba-iba ng produksyon ng pagkain at pagbutihin ang mga magkakaakibat na pangkalinangan sa pagkain. | Ilahok ang mga kababaihan sa paggawa ng desisyon at pagpapatupad ng aktibidad na ito. |

| | | | |
|-----|--|--|---|
| ST4 | Dagdagan ang katatagan sa pagbabago sa klima, natural na sakuna at iba pang krisis | 4.7 Isama ang mga isyu sa kasarian sa mga kasanayan sa agrikultura na mainam para sa klima, pangingsda at pangungubat upang mapalakas ang mga kababaihan sa mga epektong panlipunan at pangekonomiya ng mga natural na kalamidad dala ng mga pagbabago sa klima. | Palakasin ang kapasidad upang isama ang kasarian sa usapang ito. |
| ST5 | Tulongan ang mga maliliit na mga manggagawa at mga SMEs upang mapabuti ang kanilang produksyon, teknolohiya, at kalidad ng produkto, upang matugunan ang mga pamantayan sa pandaigdigang pamilihan at dagdagan ang kakayahang makipag kompetisyon alinsunod sa ASEAN Policy Blueprint on SME Development | 5.5 Ipatupad ang mga patakaran sa kompetisyon upang matiyak ang pantay na labanan sa producers at mga SME at maiwasan ang pagsasamantala ng mga malalaking kumpanya na may kapangyarihan sa merkado. | Habang isinasaalang-alang ang patas na labanan, kailangang isaalang-alang din ang mga isyu sa pagkakapantay-pantay ng kasarian. |
| ST6 | Palakasin ang pagsasanib ng ASEAN sa mga isyu sa internasyonal at panrehiyon | 6.2 Ipakita ang isang posisyon ng ASEAN sa mga isyung nakakaapekto sa sektor ng FAF sa rehiyonal at pandaigdigang usapan | Ipakita ang iisang posisyon ng ASEAN sa pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga isyu sa pagkain, agrikultura at pangkagubatan na nakakaapekto sa sektor ng FAF sa rehiyonal at pandaigdigang usapan |
| ST7 | Itaguyod ang pangmatagalang pagpapanatili ng kagubatan | 7.3 Itaguyod ang dayalogo sa pribadong sektor tungkol sa pagpapabuti ng kalidad at kahusayan ng industriya ng troso at pagproseso ng iba pang produktong gubat | Itaguyod ang dayalogo sa mga isyung pangkasarian sa pamamahala ng kagubatan |

SPA para sa Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Pagsasaka at Pag-unlad ng Agrikultura (2016-2020)

| Strategic Thrust | Deskripsyon | Mga Aktibidad | Mga Pangkasariang Solusyon |
|------------------|--|--|--|
| ST1 | Pagandahin ang dami at kalidad ng produksyon gamit ang mga teknolohiyang nagpapanatili ng kapaligiran, mga sistema sa pamamahala ng pinagkukunang-yaman, at mga pagbabawas sa basura bago at matapos ng pag-aani | 1.2 Dagdagan ang pakikilahok ng pribadong sektor sa mga talakayan sa patakaran, pagbabalangkas ng programa at proyekto, pagbibigay ng insentibo sa mga pagsasaliksik, at pagbibigay-daan para sa pagpapahusay ng pagkikipagsosyo ng publiko sa pribadong sektor tungo sa pagiging produktibo | Kilalanin na ang pribadong sektor ay may mga kababaihang nagmamay-ari ng mga SME. |
| | | 1.6 Lagyan ng puhunan ng mga sama-samang pagaaral at pagsasaliksik at palakasin ang umiiral na pakikipagtulungan sa rehiyon sa pagitan ng AMS | Magsagawa ng sama-samang pananaliksik sa kasarian at agrikultura sa AMS. |
| ST3 | Siguraduhin ang seguridad ng pagkain, kaligtasan sa pagkain, mas mahusay na nutrisyon at pantay na pamamahagi ng pagkain | 3.1 Itaguyod ang edukasyon tungkol sa nutrisyon at palawakin ang kamalayan ng mga mamimili tungkol sa tamang pagdidiyeta | Hikayatin ang mga kababaihan na maging ahente ng pagbabago sa pamamagitan ng pagtataguyod ng malusog na diyeta at pag-ubos ng mga pagkaing mayaman sa mga micronutrient. |
| ST4 | Taasan ang kakayahang harapin ang epekto ng pagbabago sa klima, mga sakuna at iba pang mga di inaasahang pangyayari. | 4.1.1 Pagtibayin ang kakayahan ng ATWGARD sa pagsusulat ng mga panukala upang makakalap ng pondo. | Pagtibayin ang kanilang kakayahan na isama ang isyung kasarian sa mga panukala. |
| | | 4.4 Isama ang mga isyung pangkasarian sa mga talakaying pangklima na may kinalaman sa agrikultura, pangisdaan, at pangkagubatan, upang maitaas ang kakayahan | Palakasin ang kapasidad upang maitaguyod ang kasarian sa mga bagong panukalang programa at patakaran. |

| | | | |
|-----|--|--|---|
| | | ng mga kababaihang harapin ang epekto ng mga natural na kalamidad at pagbabago ng klima. (SPFAF 4.7) | |
| ST6 | Palakasin ang magkasanib na pagsulong ng ASEAN sa mga isyung internasyonal at panrehiyon | 6.2 Ipakita ang iisang posisyon ng ASEAN sa mga isyung nakakaapekto sa sektor ng FAF sa iba't ibang usapang panrehiyon at internasyonal. | Makipag-ugnayan ang ATWGARD upang ipakita ang iisang posisyon ng ASEAN sa mga isyung nakakaapekto sa kasarian at FAF. |

SPA sa Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Paghahayupan (2016-2020)

| Strategic Thrust | Deskripsyon | Mga Aktibidad | Mga Pangkasariang Solusyon |
|------------------|--|--|---|
| ST1 | Pagandahin ang kalakal ng karne sa loob at labas ng ASEAN. | 1.1 Pagsasaayos ng patakaran at regulasyon upang mas mapaluwag ang kalakal. | Itaguyod ang naaangkop na mga awtoridad upang tugunan ang mga isyu sa lipunan, partikular sa mga isyung pangkasarian sa paggawa at pagproseso ng karne. |
| ST2 | Pagkontrol sa sakit at pagsulong ng kaligtasan sa pagkain upang mapalawak ang kalakal at maprotektahan ang kalusugan ng tao | | |
| ST3 | Pagpapabuti ng produktibo, pamamahala ng likas na yaman at epekto ng paghahayupan sa kapaligiran at sa klima | 3.1. Mas produktibo at sektor ng paghahayupan sa pandaigdigang kompetisyon | Magsagawa ng pagaaral tungkol sa epektong pangkasarian dahil sa pagbabago sa klima. |
| ST4 | Suportahan ang mga maliliit na nagaalaga ng hayop para sa maalis ng kahirapan, madagdagan ang seguridad sa pagkain, nutrisyon, at pagkakapantay-pantay ng kasarian | 4.1. Ang pagaalaga ng hayop ay nagsisilbing isang mahalagang landas para sa pagkawala ng kahirapan, pinabuting nutrisyon at pagkakapantay-pantay ng kasarian | 4.1.1. Gawing adbokasiya ang pagkakaroon ng pautang sa mga nagaalaga ng hayop ng may mababang interes upang makinabang ang mga mahihirap, lalo na ang |

| | | | |
|--|--|--|---|
| | | | mga kababaihan, tulad ng micro-credit, SME at iba pang mga programa na dinisenyo upang bawasan ng kahirapan |
|--|--|--|---|

SPA sa Pakikipagtulungan Sa ASEAN Sa Pagtatanim (2016-2020)

| Strategic Thrust | Deskripsyon | Mga Aktibidad | Mga Pangkasariang Solusyon |
|------------------|--|---|---|
| ST1 | Pagandahin ang dami at kalidad ng produksyon gamit ang mga teknolohiyang nagpapanatili ng kapaligiran, mga sistema sa pamamahala ng pinagkukunang-yaman, at mga pagbabawas sa basura bago at matapos ng pag-aani | 1.6 Magbigay ng mga mekanismong pang-institusyon at angkop na insentibo para sa PPP pagdating sa R&D at teknolohiya, pakikipagtulungan sa pribadong sektor upang matukoy ang mga prayoridad, at mga pagaaral na may mataas resulta, at gamitin ito sa pagbuo at pagkalat ng nasabing teknolohiya. | Makipagtulungan sa pribadong sektor upang mabuo ang argumento para sa pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa pagpapabilis ng lumalagong sub-sektor ng pananim |
| ST2 | Palaguin ang kalakalan, ekonomiya at akses sa merkado | | Alinsunod sa Buenos Aires Declaration on Women and Trade 2017 ng WTO, tiyaking pantay ang pakikilahok ng mga kababaihan sa mga isyung kaugnay sa kalakalan. |
| ST3 | Siguraduhin ang seguridad ng pagkain, kaligtasan sa pagkain, mas mahusay na nutrisyon at pantay na pamamahagi ng pagkain | 3.4 Pagbutihin ang seguridad sa pagkain at nutrisyon sa pamamagitan ng pag-iba-iba ng mga pinagkukunan ng pagkain at pagpapalakas ng kalidad at ng produksyon ng iba't ibang pagkain at pagbutihin ang mga kaakibat na proseso sa pagpaggawa ng pagkain | Makipag-ugnayan sa mga pangkat ng kababaihan at SMEs upang itaguyod ang iba't ibang pinagkukunan ng pagkain. |
| ST4 | Taasan ang kakayahang harapin ang epekto ng pagbabago sa klima, mga sakuna at iba pang mga di | 4.2 Itaguyod ang pagkuha ng pondo upang suportahan ang pagtatanim ng may pagmamalasakit sa klima. | Palakasin ang kapasidad upang isama ang usaping pangkasarian sa mga panukala at upang maabot ang pondo |

| | | | |
|-----|--|--|--|
| | inaasahang pangyayari. | | para pagtugon sa pagbabago sa klima. |
| ST5 | Tulungan ang mga maliliit na mga manggagawa at mga SMEs upang mapabuti ang kanilang produksyon, teknolohiya, at kalidad ng produkto, upang matugunan ang mga pamantayan sa pandaigdigang pamilihan at dagdagan ang kakayahang makipagkumpetisyon sa iba. | | Katulad ng SPA sa Paghahayupan, isulong ang mababang interes sa mga pautang upang magamit ito ng mga mahihirap, lalo na ang mga kababaihan, sa pamamagitan ng micro-credit, SME, at iba pang mga programa na idinisenyo para sa wakasan kahirapan. |
| ST6 | Palakasin ang pagsasanib ng ASEAN sa mga isyu sa internasyonal at panrehiyon | 6.2 Ipakita ang isang posisyon ng ASEAN sa mga isyung nakakaapekto sa sektor ng pagtanim sa usaping panrehiyon at internasyonal. | Pag-uugnay at pagpapalakas ng magkasanib na posisyon sa mga isyu sa kasarian sa internasyonal at panrehiyong usapin at mga samahan. |

SPA sa Pakikipagtulungan sa ASEAN sa Pangisdaan (2016-2020)

| Strategic Thrust | Deskripsyon | Mga Aktibidad | Mga Pangkasariang Solusyon |
|------------------|--|--|---|
| ST1 | Pagandahin ang dami at kalidad ng produksyon gamit ang mga teknolohiyang nagpapanatili ng kapaligiran, mga sistema sa pamamahala ng pinagkukunang-yaman, at mga pagbabawas sa basura bago at matapos ng pag-aani | 1.1.4. Ang pagkonsulta sa mga kasapi upang makilala at matugunan ang mga pangangailangan sa pamumuhunan (pangmatagalang produksyon, sistema ng pamamahala, pamumuhunan pagkatapos ng ani). | Ang pantay na pakikilahok ng ng mga mangingisda at mga pinuno babae sa pribadong sektor sa mga talakayan ng mga kasapi. |

| | | | |
|-----|---|--|--|
| | | 1.4.1 Pagsasabago at pagpapalakas ng pambansang patakaran sa pangisdaan, mga ligal at institusyonal na balangkas sa pamamagitan ng konsultasyon at pakikipag-ugnayan ng gobyerno, pribadong sektor sa pangisingda, lipunan, at iba pang kasapi [sumangguni sa POA 7] | Tiyaking pantay ang pakikilahok ng mga kababaihan at kalalakihan |
| ST2 | Palaguin ang kalakalan, ekonomiya at akses sa mercado | 2.4.2 Itaguyod ang estratehiyang pakikipagsosyo sa mga kooperatiba ng ASEAN Fisheries at samahan ng mga magsasaka, tagagawa, mamimili at negosyante. | Isama ang mga kababaihan galing sa mga grupo at samahan ng mga magsasaka. |
| ST3 | Siguraduhin ang seguridad ng pagkain, kaligtasan sa pagkain, mas mahusay na nutrisyon at pantay na pamamahagi ng pagkain | 3.2.2. Makipagtulungan sa mga katawan ng ASEAN sa pagtatapos at pagpapatupad ng mga patakaran sa kaligtasan sa pagkain, pagbubuo ng mga pamantayan para dito. | Makipagtulungan sa mga katawan ng ASEAN tulad ng ASCC para sa pantay na pakikipag-ugnayan ng bawat kasarian pagdating sa kaligtasan sa pagkain |
| ST4 | Taasan ang kakayahang harapin ang epekto ng pagbabago sa klima, mga sakuna at iba pang mga di inaasahang pangyayari. | 4.1.1. Itaguyod ang pakikipagtulungan sa pagitan ng AMS at mga kasosyo | Magsagawa ng pagsasaliksik sa mga isyung pangkasarian at pagbabago sa klima sa mga sektor ng pangisdaan. |
| ST5 | Tulongan ang mga maliliit na mga manggagawa at mga SMEs upang mapabuti ang kanilang produksyon, teknolohiya, at kalidad ng produkto, upang matugunan ang mga pamantayan sa pandaigdigang pamilihan at dagdagan ang kakayahang | 5.3.1 Siguraduhin na ang mga pambansang programa at patakaran sa pangisdaan at akwakultura ay tumutugon sa mga aspetong panlipunan, pang-ekonomiya at pangkapaligiran upang mapabuti ang seguridad sa pagkain, pangkabuhayan, trabaho at pagbawas sa kahirapan | Bigyang diin ang mga isyu sa kasarian habang tinatalakay ang mga isyu sa lipunan. |

| | | | |
|-----|---|--|--|
| | makipagkumpetisyon sa iba. | | |
| ST6 | Palakasin ang magkasanib ng ASEAN sa mga isyu sa internasyonal at panrehiyon na nakakaapekto sa sektor ng FAF | 6.2.1. Itaguyod ang diyalogo sa AMS upang isulong ang isang posisyon ng ASEAN sa mga isyu sa pangingsda. | Isama ang isang posisyon ng AMS sa mga isyu sa kasarian sa pangisdaan. |

SPA para sa Pagtutulungan ng ASEAN sa Pangkagubatan (2016-2025)

| Strategic Thrust | Deskripsyon | Mga Aktibidad | Mga Pangkasariang Solusyon |
|------------------|--|---|---|
| ST1 | Pagandahin ang dami at kalidad ng produksyon gamit ang mga teknolohiyang nagpapanatili ng kapaligiran, mga sistema sa pamamahala ng pinagkukunang-yaman, at mga pagbabawas sa basura bago at matapos ng pag-aani | 1.3. Pagpapaganda ng Pamamahala ng Kagubatan kasama ang komunidad sa paligid ng kagubatan para ikatatagal nito at ikauunlad ng mga nakatira. | Habang sinusuri ang kaugalian at batas na pag-aayos ng panunungkulan, banggitin ang mga isyung pangkasarian. |
| | | 1.4 Pagpapatibay ng mga produktong galing sa gubat ngunit hindi kahoy na pangmatagalan, tulad ng mga halamang gamot, ratan, kawayan, at iba pa. | Karamihan ng mga kababaihan ay may malalim na kaalaman sa mga produktong gubat na hindi kahoy. Kinakailangan silang isama sa pagdisenyo ng mga paraan sa pamamahala. |
| ST2 | Pagandahin ang pagpapadali ng kalakalan, pagsasama ng ekonomiya at pag-access sa merkado | 2.2. Pagpapahusay ng Pakikipagtulungan sa Pag-unlad ng Mga Produkto ng Kagubatan. | Magsagawa ng isang pagsusuri sa takbo ng halaga ng mga produktong gubat galing sa lente ng kasarian. Isali ang mga kababaihan sa paglinang upang mapakinabangan ang kanilang kaalaman at kasanayan sa |

| | | | |
|-----|---|---|---|
| | | | pagpapaunlad ng produktong galing sa gubat. |
| ST3 | Siguraduhin ang seguridad ng pagkain, kaligtasan ng pagkain, mas mahusay na nutrisyon at pantay na pamamahagi | 3.1 Isama ang pagbabago sa klima sa sektor pangkagubatan | Suriin ang pangkasariang epekto ng mga planong pagpapagaan sa panganib na dala pagbabago sa klima at ang mag-aplay nito sa sektor pangkagubatan. |
| ST4 | Dagdagan ang katatagan sa pagbabago ng klima, natural na sakuna at iba pang pagkabigla | 4.2. Pagpapahusay ng pagbabahagi ng mga karanasan at aralin. | Gawing madali ang pagbabahagi ng aralin sa mga AMS tungkol sa kasarian, panggugubat at pagbabago sa klima, pangkat, at sa mga pangkat ng ASEAN na kumikilos sa larangan ng panggubat. |
| ST5 | Tinutulungan ang maliliit na mga prodyuser at SMEs upang mapabuti ang pagiging produktibo, teknolohiya at kalidad ng produkto, upang matugunan ang mga pamantayan sa pandaigdigang merkado at dagdagan ang kompetisyon alinsunod sa ASEAN Policy Blueprint on SME Development | 5.2. Pagpapahusay ng mga sama-samang diskarte ng ASEAN sa pagtugon ng mga isyung pangkagubatan sa loob at labas ng rehiyon. | Pagtibayin at ibigkas ang isang posisyon ng ASEAN sa pagdating sa kasarian at panggugubat at impluwensyahan ang mga resulta ng mga deliberasyon sa mga internasyonal at panrehiyong usapan. |

Balangkas at SPA ng AIFS para sa Seguridad sa Pagkain sa ASEAN (2015-2020)

| Strategic Thrust | Deskripsyon | Mga Aktibidad | Mga Pangkasariang Solusyon |
|------------------|--|--|--|
| ST1 | Palakasin ang Seguridad sa Pagkain, kabilang ang Pag-aayos ng Mabilis at Maikling Pamimigay ng Panandaliang Pangangailangan | 1.2. Pagpapanatili ng suplay ng pagkain na may pagpapahusay sa industriya ng pagbibinhi | Lumikha ng plataporma para sa pagbabahagi ng mga isyu sa lipunan at kasarian sa industriya ng pagbibinhi |
| ST2 | Itaguyod ang kaaya-ayang merkado ng pagkain at kalakal | 2.1.3. Kumalap ng datos at magsagawa ng pagsusuri upang suportahan ang mga teknikal na pagpupulong ng AFSRB, tulad ng mga patakaran para sa merkado ng bigas, pagalam sa epekto ng contact growing sa mga maliliit na magsasaka, at mga kaugnay na pag-aaral | Ang pagtuon sa mga isyu pangkasarian sa merkado ng pagkain at kalakal, partikular sa bigas at isda. |
| ST3 | Palakasin ang pinagsamang sistema ng impormasyon tungkol sa seguridad sa pagkain upang mabisang planuhin at subaybayan ang mga suplay at paggamit ng mga pangunahing bilingin. | 3.1.3. Magsagawa ng napapanahon na pagaaral ng estado at pananaw sa pagbibigat at iba pang pangunahing pagkaing binibili sa ASEAN | Isama sa pagaaral ang mga isyu sa lipunan at kasarian kaugnay sa bigas at iba pang pangunahing pagkain na kinakalakal sa ASEAN |
| ST4 | Itaguyod ang pangmatagalan na produksyon ng pagkain | 4.1.7. Palawakin at itaguyod ang kaalaman ng mga magsasaka sa agrikultura upang maisama ang agribusiness at entrepreneurship | Pag-unlad ng kapasidad sa mga isyu sa kasarian sa agribusiness at entrepreneurship |
| ST5 | Hikayatin ang higit na pamumuhunan sa industriyang agrikultura upang mapahusay ang seguridad sa pagkain | 5.1.1. Maglatag ng mga plano para mga produktong agrikultura na mabenta at para sa magkaakibat na panglinagan sa rehiyon pagkaing pang-rehiyon pagdating sa pagkain. | Pantay na pakikilahok ng mga kababaihan sa mga kooperatiba at mga SME sa paghahanda ng mga planong ito. |

| | | | |
|-----|---|--|---|
| ST6 | Kilalanin at tugunan ang mga umuusbong na isyu na nauugnay sa seguridad ng pagkain | 6.1.1. Magsagawa ng isang pag-aaral sa pangmatagalang implikasyon ng pagpapaunlad ng bio-enerhiya at seguridad ng pagkain sa AMS. | Dapat ding isama sa pag-aaral ang implikasyon ng panlipunan, kasarian. |
| ST7 | Gumamit ng Impormasyon sa Nutrisyon upang suportahan ang mga patakaran sa seguridad sa pagkain at agrikultura na nakabatay sa ebidensya. | 7.1.1. Magsagawa ng mga pagsasanay panrehiyon upang matukoy ang pangunahing impormasyon at mga indikasyon ng nutrisyon, mga kinakailangang pamamaraan para sa regular na pagsubaybay sa seguridad sa pagkain at pagpapaunlad ng polisiya | Isama sa pagsasanay ang mga isyung pangkasarian kaugnay ng nutrisyon. |
| ST8 | Tukuyin ang mga polisiyang institusyonal at mga mekanismo sa pamamahala upang ang isulong ng AMS ang pagtanim ng pagkaing mataas ng nutrisyon. | 8.1. Pagpapalawak ng kamalayan ng mga kasapi sa kahalagahan ng nutrisyon ng pagkain, agrikultura at kagubatan. | Ang paglahok ng mga kababaihan ay kritikal sa mga aktibidad na ito sa pagpapalawak ng kamalayan. |
| ST9 | Paunlarin at palakasin ang mga patakaran at programang pang pagkain, pang agrikultura at pang kagubatan upang mapahusay ang nutrisyon, at palakasin ang kakayahang magpatupad, magsubaybay at magsusuri | 9.1. Ang mga patakaran at programa na nagpapahusay sa nutrisyon ng pagkain, agrikultura at kagubatan at binuo at pinalakas | Palakasin ng kapasidad upang isama ang kasarian sa mga patakaran at programang pang nutrisyon, pagpapahusay ng pagkain, agrikultura at pangkagubatan. |

